



Pagpoproseso ng mga Resulta

Aming Pinapahalagahan ng Lubusan ang Proteksyon ng Inyong Privacy

Hindi kailangang isulat ang inyong pangalan sa sarbey

Hindi matutukoy kayo o ang inyong paaralan sapagkat ang mga sarbey ay poprosesuhin sa pamamaraang pang-istatistika.

Isasabmit lamang ng paaralan ang mga selyadong envelope na naglalaman ng sarbey sa MEXT.

Dahil doon, hindi malalaman ng paaralan kung kayo ay sumagot o naging bahagi ng pagsusuri.

Gagamitin ang mga resulta ng sarbey upang mapagbuti ang pambansang polisiyang pang-edukasyon sa hinaharap.

- Hindi gagamitin ang mga resulta sa anumang layunin maliban sa mga nakasaad sa itaas.
- Gayundin, walang anumang pagsangguni hinggil sa inyong mga kasagutan ang magaganap mula sa MEXT o sa iba pang kumpanyang pagdadaan ng sarbey.



Layunin ng Pagsusuri

Ang pagsusuring ito ay isasagawa bilang bahagi ng “Sarbey ng Abilidad at Kalagayang Pang-akademika para sa Taong 2017” na isasagawa ng Ministro ng Edukasyon, Kultura, Sports, Agham at Teknolohiya (MEXT).

Ang resulta ng sarbey na ito ay pag-aaralan kasama ng mga resulta ng sarbey hinggil sa abilidad at kalagayang pang-akademika ng mga mag-aaral sa buong bansa at gagamitin upang mapagbuti ang mga pambansang polisiyang pang-edukasyon.

Buod ng Pagsusuri

1. Target ng Pagsusuri (Pipiliin ng random)

- Mga tagapangalaga ng mga mag-aaral na nasa ika-6 na baytang ng elementarya na kumuha ng sarbey. (mga nasa 1,200 na paaralang elementarya)
- Mga tagapangalaga ng mga mag-aaral na nasa ika-3 baytang ng junior high school na kumuha ng sarbey. (mga nasa 800 na junior high school)

2. Nilalaman ng Sarbey

Naglalaman ang sarbey ng mga katanungan hinggil sa inyong mga pananaw tungkol sa edukasyon ng mag-aaral at sa pang-araw-araw ninyong pakikitungo sa kanya. Sumusunod ang ilan sa mga uri ng katanungan.

Ang kalagayan ng inyong anak



Ang inyong pakikitungo sa inyong anak



Ang inyong pananaw hinggil sa edukasyon ng inyong anak



Ang mga gastusin para sa edukasyon ng inyong anak



Daloy ng Pagsusuri



3 Step sa Proseso ng Pagsagot


Step 1 Una sa lahat, siguraduhing nakapaloob ang sumusunod na apat na dokumento sa inyong natanggap na envelope



[Pakiusap]



[Sarbey]



[Pamphlet]



[Envelope (Sabmisyon)]

*Maari lamang na ipagbigay-alam sa inyong paaralan kung may kakulangan sa mga dokumento.

Step 2 Hinihiling namin ang inyong pagsagot at lubos na pag-intindi sa layunin ng pagsusuri.

- Maaari ninyong lampasan ang ibang mga katanungan sakaling hirap kayong sagutin ang mga ito. Sagutin lamang ang mga katanungang sa abot ng inyong makakaya.
- Sakaling mayroon kayong mga katanungan hinggil sa sarbey, maaari lamang na sumangguni sa tanggapang nakasulat sa Pakiusap at Envelope (Sabmisyon) na nakapaloob sa envelope na ito.
- Sakaling hindi ninyo nais bumahagi sa pagsusuring ito, maaari lamang na inyong isilid ang Sarbey sa Envelope (Sabmisyon) matapos markahan ang “Hindi ko nais bumahagi sa pagsusuri” sa unang pahina ng Sarbey.
- Ang pagsusuri para sa mga tagapangalaga ay nasa uri ng pagsasagot ng isang sarbey na gagawin ng dalawang tagapangalaga para maintindihan nila ang pinagaaralan at ang relasyon nito sa kadalasan na ginagawa ng bata. Kung hindi masasagutan ng isa sa dalawang tagapangalaga ang sarbey dahil sa hindi maiwasang sitwasyon, maari itong sagutin ng kahit isang tagapangalaga.

Step 3 Isabmit sa inyong paaralan ang selyadong Envelope (Sabmisyon) na naglalaman ng inyong mga kasagutan bago ang dedlayn.

*Nakasaad ang dedlayn ng sabmisyon sa mga envelope at sa nakapaloob na Pakiusap.

Sakaling mayroon kayong mga katanungan hinggil sa sarbey, maaari lamang na sumangguni sa tanggapang nakasulat sa Pakiusap at Envelope (Sabmisyon) na nakapaloob sa envelope na ito.